# COVID-19

**Mga Update mula sa Lungsod ng Vancouver**
**Abril 17 - Mayo 1, 2020**

Patuloy kaming tumutugon sa pandemya ng COVID-19 sa buong Lungsod at aming kinikilala na marami sa ating mga komunidad ay humaharap sa mga hamon dulot ng krisis na ito. Ang aming gawain ay nakatutok sa pagtulong sa ating mga residente at sa pagpapanatili na ligtas ang Vancouver. Narito ang mga naganap kamakailan:

## Mga Pangunahing Update:

### Nagsalita ang Lungsod sa pagtaas ng rasismo sa ilalim ng pandemya

Sa pagbubukas ng Asian Heritage Month nitong Mayo 1, pinagtibay muli ng Lungsod ang komitment nito sa anti-rasismo, anti-diskriminasyon, para sa pagkakaiba at para sa inklusyon. Ang pandemya ay nagtulak sa pagtaas ng bilang ng insidente ng rasismo laban sa mga Asyano, at lahat ay hinihikayat na tumindig laban sa diskriminasyon at mga panatikong saloobin.

### Pagbabayad ng buwis sa pag-aari ay pinagpaliban

Inaprubahan ng Vancouver City Council ang pagpapaliban sa pagbayad ng 2020 buwis para sa residensyal at komersyo na pag-aari. Ang huling araw sa pagbayad ng buwis ay inurong mula Hulyo 3 sa **bagong petsa, Setyembre 30, 2020**. Ito ay para makatulong sa mga humaharap sa pinansyal na paghihirap dulot ng pandemyang COVID-19.

### Ang Pagbabalik ng Pagpapatupad ng Parking

Ibinalik ng Lungsod ang pagpapatupad ng parking noong Abril 30, pagkatapos pakinggan ang mga alalahanin ng publiko tungkol sa mga sasakyang nakaparada ng mahabang oras sa mga parking spot. Noong una, binago ng Lungsod ang pagpapatupad ng parking bilang tugon sa pagbaba ng trapiko at bilang suporta sa mga esensyal na manggagawa sa panahon ng krisis pangkalusugan.

## Rekurso Pang-Komunidad

### Rekurso sa Pagkain

Habang patuloy ang epekto ng pandemya, maraming mga tao at organisasyon ang nahihirapang mag-access ng pagkain. Binuo ng Lungsod ang listahan na may impormasyon kung paano at kung saan makakakuha, makabibili, at makapagbibigay ng pagkain at kung paano mag-volunteer at mag- aplay sa mga grant.

### Mga Donasyon para sa mga Mahahalagang Gamit

Ang Give a Hand Vancouver ay isang programa ng Lungsod na nangangailangan ng mga donasyon para sa suplementong nutrisyon sa pagkain, gatas at pagkaing pambata, pati mga lampin, pull-up at mga pamunas pambata. Ito ay para sa mga organisasyon na nagbibigay ayuda sa mga kababaihan at mga batang nangangailangan. Ang programang ito ay nangangailangan rin ng mga lalagyang pang-take out, disposable na mga kubyertos, at pambalot ng mga pagkain para makatulong sa pamimigay ng libre at diskuentong pagkain sa malinis at ligtas na paraan. Kailangan rin ng mga donasyon ng de-boteng tubig.

**Bago at aktibong mga hakbang sa Downtown Eastside**
Nagsasagawa ang Lungsod ng mga karagdagang hakbang para masiguro na ang mga residente ng Downtown Eastside ay nakaka-access ng mahahalagang mga serbisyo at impormasyon, at nananatiling ligtas sa ilalim ng pandemyang COVID-19.

**Mga hakbang para tugunan ang mga pangangailangan sa pabahay**
Ang City Council ay nakapakinig sa isang pagtatanghal mula sa mga kawani tungkol sa mga kasalukuyang kahinaan ng sistemang pabahay sa Vancouver, at kung paano ito naging malubhang banta sa panahon ng kasalukuyang krisis. Binalangkas nito ang isang serye ng mga maiksi at pangmatagalang mga aksyon na maghahatid ng pabahay para sa mga mas nangangailangan nito, at makatutulong upang maging mas mabisa ang sistema ng pabahay tungo sa pagiging lalong handa sa hinaharap.

**Libreng bisikleta para sa mga esensyal na manggagawa**
Ang Mobi ng Shaw Go, sa pakikipagtulungan sa Lungsod ng Vancouver, ay nagbibigay sa mga esensyal na manggagawa ng libreng 90-araw na pases upang magamit ang mga bisikleta ng Mobi. Ang pagbibisikleta ay nananatiling isang mabilis at maginhawang paraan upang makapagbiyahe habang pinapanatili ang ligtas na pisikal na distansya sa iba.

**Salamat sa ating mga komunidad**
Patuloy ang pagsuporta ng mga negosyo at residente ng Vancouver sa mga lokal na komunidad na nakatikim ng matinding hagupit ng pandemya. Ang **Give a Hand Program** ay tumaggap ng maraming mga donasyong pagkain at gamit. Kami ay nagpapasalamat sa lahat na nag-ambag katulad ng Power of Threee, tatlong magkakapatid na babae sa Pilipinong komunidad sa Vancouver na namahagi ng mga COVID-19 na care package o mga paketeng may pagkain at mga gamit para sa mga mas na nangangailangan.

**KARAGDAGANG MGA UPDATE:**
**Pagbubukas ng mga golf course at ng VanDusen**
Binuksan muli noong Mayo 1 ng Vancouver Park Board ang mga golf course sa Fraserview at McCleery at ang VanDusen Botanical Garden. Ang mga lugar na ito ay magpapatakbo ng mga bagong patakaran sa pisikal na distansya para sa mga kawani at sa publiko upang matiyak ang kanilang kaligtasan.

**Paghihigpit sa paggamit ng tubig**
Ang paghihigpit sa paggamit ng tubig para sa buong taon ay ipinatupad na. Ang pagdilig ng bakuran at hardin ay pinapayagan lamang sa dalawang araw sa isang linggo, mula Mayo 1 hanggang Oktubre 15. Ito ay upang makatiyak na may sapat na tubig para sa mga mahalagang gawain tulad ng pagluluto, paghuhugas, at pag-inom. Ang paglabag sa paggamit ng tubig sa labas ng mga pinapapayagang mga oras ay maaaring magresulta sa $ 250 na multa.

**Araw ng pagdidilig ng bakuran para sa mga tirahang residensyal**
- Mga address na may bilang na tukol (even): alas-4 ng umaga hanggang alas-9 ng umaga tuwing Huwebes at Linggo
- Mga address na may bilang na gansal (odd): alas-4 ng umaga hanggang alas-9 ng umaga tuwing Huwebes at Sabado

**Araw ng pagdidilig ng bakuran para sa mga di-residensyal na address**
- Mga address na may bilang na tukol (even): ala-1 ng umaga hanggang alas-6 ng umaga tuwing Lunes: alas-4 ng hapon hanggang alas-9 ng umaga tuwing Biyernes
- Mga address na may bilang na gansal (odd): ala-1 ng umaga hanggang alas-6 ng umaga tuwing Martes: alas-4 ng hapon hanggang alas-9 ng umaga tuwing Biyernes

**Mga Upgrade sa Tubo ng Tubig sa West Georgia**
Natapos na ang mga upgrade sa tubo ng tubig sa West Georgia. Ang mga lumang tubo ng tubig sa ilalim ng lupa na halos 100 taon na ay pinalitan ng mga bagong tubo na magbibigay ng mas matibay na network sa tubig.

**Online na dashboard**
Ang Lungsod ay naglabas ng isang online na dashboard na susubaybay sa ating tugon sa emerhensiya at sa ating pagsisikap na itigil ang pagkalat ng COVID-19. Sinusubaybayan ng dashboard ang mga kategorya na kabilang ang: pagsuporta sa mga batas sa pampublikong kalusugan; pagbibiyahe; childcare para sa mga esensyal na manggagawa; kawalan ng tirahan at pabahay para sa may mababang kita; access sa pagkain; at mga kontribusyon mula sa komunidad.

**Manatiling updated sa mga nangyayari**

Pinahahalagahan din namin na maraming umiikot na impormasyon sa ngayon, at hindi lahat ng ito ay mula sa mga napatotohanang pinagmulan. Lahat ng aming mga update ay itatala sa mga news release, sa aming website, at sa aming mga na-verify na social feed.

Paki-bahagi ang impormasyon sa iba. Maari silang mag-sign up **dito** para sa mga update.
**Website: vancouver.ca/covid19**
**Magpadala ng mga puna** dito.
Tumawag sa 3-1-1 para sa mga tanong, na hindi emergency, tungkol sa tugon ng Lungsod ng Vancouver sa COVID-19. *Mayroong interpretasyon sa iba't ibang wika.*
Tumawag sa 9-1-1 kung ito ay emergency.

